



Republic of the Philippines
Department of Health
FOOD AND DRUG ADMINISTRATION



29 DEC 2021

FDA ADVISORY

No. 2021-3641-A

PARA : SA LAHAT NG HEALTHCARE PROFESSIONALS AT SA PUBLIKO

PAKSA : Babala sa Publiko Tungkol sa Pagbili at Paggamit ng mga Sumusunod na Hindi Rehistradong Gamot:

1. Clatidyne Loratadine 10 mg Tablet (in foreign language)
2. TO Roxithromycin Roxthrin 150 mg Tablet (in foreign language)
3. TO Sobelin Flunarizine 5 mg (in foreign language)
4. Buscopan® Tablets (Hyoscine Butylbromide) 10 mg Sugar-Coated Tablet (in foreign language)
5. Stugeron (Cinnarizine) 25 mg Tablet (in foreign language)


Pinapayuhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko laban sa pagbili at paggamit ng mga sumusunod na hindi rehistradong gamot:



Clatidyne Loratadine 10 mg Tablet (in foreign language)

Larawan 1. Hindi rehistradong gamot





TO Roxithromycin Roxthrin 150 mg Tablet *(in foreign language)*

Larawan 2. Hindi rehistradong gamot



TO Sobelin Flunarizine 5 mg *(in foreign language)*

Larawan 3. Hindi rehistradong gamot



**Buscopan® Tablets (Hyoscine Butylbromide) 10 mg Sugar-Coated Tablet
(in foreign language)**

Manufactured & Marketed by: Merck (Private) Limited – 7, Jail Road, Querta, Pakistan,
under license of Boehringer Ingelheim Pharma GmbH Co. KG
Germany.

Larawan 4. Hindi rehistradong gamot



Stugeron (Cinnarizine) 25 mg Tablet (in foreign language)

Manufactured by: Aspin Pharma (Pvt) Ltd. – Plot No. 10 & 25, Sector No. 20, Korangi
Industrial Area, Karachi-74900, Pakistan.

Larawan 5. Hindi rehistradong gamot

Napatunayan sa pamamagitan ng isinagawang *Post-Marketing Surveillance* (PMS) ng FDA na ang mga nasabing gamot ay hindi dumaaan sa proseso ng rehistrasyon ng Ahensya at hindi nabigyan ng kaukulang awtorisasyon tulad ng *Certificate of Product Registration* (CPR). Dahil dito, hindi masisiguro ng Ahensya ang kalidad, kaligtasan at bisa nito. Samakatuwid, ang paggamit ng nasabing mga iligal na produkto ay maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan.

Alinsunod sa *Republic Act No. 9711*, o ang *Food and Drug Administration Act of 2009*, ang paggawa, pag-angkat, pagbenta, pamamahagi, paglipat, promosyon, pagpapatalastas o *sponsorship* ng produktong pangkalusugan nang walang kaukulang awtorisasyon mula sa FDA ay ipinagbabawal.

Ang lahat ng establisyamento at/o entidad ay binabalaang huwag mamahagi ng nasabing mga iligal na produkto hanggang sa ito ay mabigyan ng kaukulang awtorisasyon. Karampatang parusa ay mahigpit na ipatutupad sa mga lalabag. Ugaliing tignan kung rehistrado ang produkto sa FDA sa pamamagitan ng FDA Verification Portal feature na makikita sa <http://verification.fda.gov.ph>.

Hinihiling sa lahat ng *Local Government Units* (LGUs) at *Law Enforcement Agencies* (LEAs) na tiyaking ang mga produktong ito ay hindi maibebenta o magagamit sa kanilang mga nasasakupan.

Para sa karagdagang impormasyon at katanungan, maaaring mag-*email* sa info@fda.gov.ph. Upang mag-*report* ng patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga hindi rehistradong gamot, mag-*email* sa ereport@fda.gov.ph. Maaari ring tumawag sa *Center for Drug Regulation and Research* (CDRR) sa numerong (02) 8809-5596. Para sa mga hinihinalang hindi kanais-nais na reaksyon sa gamot, i-*report* agad sa FDA gamit ang *link* na ito: <https://primaryreporting.who-umc.org/Reporting/Reporter?OrganizationID=PH> at kumpletuhin ang mga kinakailangang impormasyon.

Ang lahat ay hinihikayat na palaganapin ang mga nakasaad na impormasyon.


ROLANDO ENRIQUE D. DOMINGO, MD
Director General

DTN: 
20211202084528